



Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 16: Ang Panlipunan at Pampolitikal na Papel ng Pamilya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 16: Ang Panlipunan at Pampolitikang Papel ng Pamilya
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Judith E. Ecoben
Editor:	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib
Tagasuri:	Elizabeth M. Ysulan, Megenila C. Guillen, Imelda A. Grumo, Michael C. Paso, Mark Lorenz C. Luib, John Rey C. Clarion, Jezzine F. Salar, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion
Tagaguhit:	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit
Tagalapat:	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Department of Education - Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Unang Markahan - Modyul 16:
Ang Panlipunan at Pampolitikal na
Papel ng Pamilya**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito nga iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o stratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulat upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan nya ng ibayong tulong mula a tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulat sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat Gawain at pagsusulat. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahaan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamamit lang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong n gating mga tagapagdaloy. Umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Bawat indibidwal ay may ginagampanang papel sa buong pamilya na maipalaganap. Ang pamilya ay may tungkuling nararapat na magampanan sa lipunang ginagalawan, binibigyan ng suportang moral, material, praktikal, emosyonal at maging ang iba pang pangangailangan ng bawat miyembro ng pamilya. Pinapahalagahan ng bawat pamilya ang awtoridad ng politika at panlipunang seguridad.

Ang pagganap na ito ay may kaakibat na angkop na gawaing maaaring panlipunan at pampulitikal. Paano nga ba natin magagampanan ang gawaing panlipunan at pampolitikal? Kaibigan, sa modyul na ito masasagot mo ang mga katanungang ito.

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Naisasagawa ang mga gawaing angkop sa panlipunan at pampolitikal na papel ng pamilya. (ESP8PB-Ih-4.4)



Subukin

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang kailangang matutunan ng tao para sa mabisang pakikipag-ugnayan sa lipunan?
 - A. pagkikipag-usap
 - B. pag-aaruga ng tao
 - C. pagmamahal sa tao
 - D. pakikipagkapuwa tao
2. Ano ang pinakamaliit na yunit ng lipunan na unang nagturo sa kahalagahan sa pagganap ng mga responsibilidad ng isang mabuting mamamayan?
 - A. barangay
 - B. lungsod
 - C. organisasyon
 - D. pamilya
3. Alin sa mga tungkulin ang kailangang gampanan ng isang pamilya bilang bahagi ng lipunan?
 - A. tungkuling bigyan ng kasiyahan ang bawat kasapi ng lipunan
 - B. tungkuling makiisa sa mga rally na isinasagawa laban sa gobyerno
 - C. tungkuling magbigay ng sampung porsyento (10%) sa kaniyang kinikita
 - D. tungkuling panatilihin at paunlarin ang lipunang kaniyang ginagalawan
4. Sa palagay mo, ano ang kailangang maranasan ng tao upang magkaroon ng isang pamilya?
 - A. magmahal, mahalín at iiwan
 - B. magmahal, mahalín at alagaan
 - C. magmahal, mahalín at pakasalan
 - D. magmahal, mahalín at pasasayahin
5. Paano mo matulungan na uunlad ang buhay ng isang pamilya?
 - A. magtatrabaho sa lahat ng oras
 - B. magsikap para makamit ang mga pangarap
 - C. makipag-ugnayan sa gobyerno at humingi ng tulong
 - D. makipag-ugnayan sa ibang pamilya at ibang sektor ng lipunan

6. Napagtapos ni Lea ang kaniyang sarili sa pag-aaral sa tulong ng *scholarship program* ng kanilang barangay at isa na siyang ganap na doktor. Anong papel ang dapat gampanan ni Lea sa lipunan?
 - A. tulungan ang mga kaibigan
 - B. tulungan ang mga kabarangay
 - C. tumulong lamang ang mga maykaya
 - D. ibalik ang tulong na nakuha niya sa pamamagitan ng kawang-gawa

7. May kaalaman ka hingil sa wastong paggamit ng gadget para maka *post* ng mga mahahalagang impormasyon. Nalalaman mo mula sa iyong mga magulang na mayroong Oplan Paglilinis sa inyong lugar. Paano kayo makatulong na bawal pa kayong lalabas sa bahay?
 - A. ipopost ko ang impormasyon sa FB
 - B. maglinis ako sa paligid ng aming tahanan.
 - C. Ipopost ko sa FB ang plano ng barangay at tutulong ako sa paglilinis sa paligid ng aming bahay.
 - D. Ilalahad ko ang plano sa aking mga magulang at makikinig ako sa mga payo nila para magkasundo kami.

8. Napansin mong marumi ang inyong bakuran at nalalapit na ang *Barangay Clean and Green Program Evaluation*. Ano ang nararapat mong gawin?
 - A. ipagkibit balik mo na lamang ito
 - B. agad mo itong aasikasuhin nang bukal sa kalooban
 - C. tawagin ang nakababatang kapatid at utusan na linisin ito
 - D. hikayatin ang ibang kasapi ng pamilya na maglinis ng bakuran

9. Pinili ka ng iyong pangkat na maging *team leader* nila sa inyong *performance output* na pangkalikasan sapagkat nakikitaan ka ng pagmamahal sa kalikasan at kakayahang manghikayat. Ano ang nararapat mong gawin?
 - A. Kusang loob kong tatanggapin ang pagkakataon na ibinigay sa akin.
 - B. Pag-isipan ko muna nang mabuti bago tatanggapin ang alok aking mga kaklase.
 - C. Hihingi muna ako ng pahintulot at payo sa aking mga magulang bago ako papayag.
 - D. Kakausapin ko ang aking matalik na kaibigan sa pamamagitan ng group chat kung tutulungan ba nila ako.

10. May batang kumakatok sa inyong tahanan dahil maghihingi ng pagkain at napansin mo ito na walang bihis. Ano ang mabuti mong gawin?
 - A. Alamin ko muna kong taga saan ang bata.
 - B. Ipaalam ko sa aking mga magulang na bigyan ko ang bata ng pagkain bago siya paaalisin.
 - C. Sasabihan ko ang aking mga magulang na may bata na naghihingi ng pagkain sa labas.
 - D. Ipaalam ko sa aking mga magulang na bigyan ko ang bata ng pagkain bago siya paaalisin.

11. Laganap ang pagtotroso sa inyong pook. Bilang mag-aaral, ano ang nararapat mong gawin?
- A. ipaalam sa kaukulang ahensiya
 - B. magtanim ng panibagong mga puno
 - C. gumawa ng programang pangkalikasan
 - D. kausapin ang mga nagtotroso hinggil sa kanilang ginawa
12. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng pagiging bukas-palad?
- A. pagpahayag si Irman ng kanyang sariling saloobin
 - B. pamilyang namimigay ng pera sa panahon ng eleksiyon
 - C. batang nagtitinda ng mga bulaklak sa gilid ng simbahan
 - D. ginang na nagpapakain ng mga batang hindi niya kaano-ano
13. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng gawaing pampolitikal?
- A. paglilinis sa sariling tahanan
 - B. pag-akay sa matandang tumatawid
 - C. pagsumbong sa krimeng nasaksihan
 - D. tulong-tulong na paghahanda ng pagkain para sa kaarawan ni Aiza
14. Bakit kailangang maranasan ng tao ang magmahal at mahalina?
- A. Upang maging ganap ang pagkatao
 - B. Upang maging ganap ang pagkalalaki
 - C. Upang maging ganap ang pagkababae
 - D. Upang ganap na maranasan ang pag-ibig
15. Ibinilin ng ina na bantayan ang bunsong kapatid, ngunit nalibang ka sa panood ng telebisyon kaya hindi mo napansin na nalaglag ito sa hagdan. Ano ang nararapat mong gawin?
- A. magtampo sa kapatid dahil napagalitan ka
 - B. ilihim sa ina ang nangyari upang hindi ka mapagalitan
 - C. ipagbigay-alam sa ina ang nangyari at humingi ng tawad
 - D. ipaghehele ang iyong kapatid upang tumigil na sa kaiiyak

Aralin

1

Ang Panlipunan at Pampolitikal na Papel ng Pamilya

“Magsama-sama at lalakas, magwatak-watak at babagsak”

-Anonymous




Balikan

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto sa nakaraang aralin. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.

Gawain 1: Daan Ko, Sagot Ko!

Gamit ang *graphic organizer*, isulat ang gampaning panlipunan at pampolitikal ng isang pamilya na batay sa kanilang madadaanan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Iginuhit ni: Mark Lorenz Luib, Alim Eviota



Mga Tala para sa Guro

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



Tuklasin

Gawain 2: Sarbey sa Panlipunan at Pampolitikal na Papel ng Pamilya

Panuto: Inihanda ang sarbey upang malaman mo kung nagampanan ng iyong pamilya ang panlipunan at pampolitikal na papel nito. Isulat ang (√) sa hanay na naisagawa o hindi naisagawa. Isulat ang sagot sa sagutang papel at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

Sarbey sa Panlipunan at Pampolitikal na Papel ng Pamilya		
Pangalan: _____ Edad: _____ Pang-ilang anak ng pamilya: _____		
Katanungan	Naisagawa	Hindi Naisagawa
1. Pumupunta sa mga pagpupulong hinggil sa usaping pangkomunidad.		
2. Tumutulong sa paglilinis sa mga kanal ng sariling komunidad.		
3. Paghiwa-hiwalay ng basura sa tamang lalagyan bilang pagsunod sa <i>Ecological Solid Waste Management Act of 2000 (RA 9003)</i> .		
4. Nagpaabot ng tulong sa taong nangangailangan kahit hindi kakilala.		
5. Pagiging <i>volunteer</i> sa <i>Municipal Disaster Risk Reduction Management (MDRRM)</i> , pagtayong lider sa mga proyektong pangkomunidad.		
6. Nananalangin ang bawat pamilya.		
7. Napoprotektahan ang sarili/pamilya sa banta ng mapanirang droga, pornograpiya, bisyo at iba pa.		
8. Nagsilbing modelo ang magulang sa pagpapalaki ng mga anak.		
9. Ginagalang at inaalagaan ang matandang kasapi ng pamilya.		
10. Sumasali sa mga programang pambarangay.		
Kabuuang Puntos na Nakuha		

Interpretasyon sa Puntos na Nakuha

Puntos	Mga Pansin
7-10	Kung nakakuha ka ng 7 hanggang 10 sa hanay na naisagawa ay binabati kita dahil nagampanan ng iyong pamilya ang mga papel panlipunan at pampolitika.
1-6	Kung nakakuha ka ng 1 hanggang 6 sa hanay na naisagawa ay hindi niyo gaanong nagamapanan ang mga papel na panlipunan at pampolitikal.

Gabay na Tanong:

1. Batay sa sarbey, nagampanan ba ng iyong pamilya ang kanilanag papel na panlipunan at pampolitikal? Ipaliwanag ang implikasyon nito sa pamayanang inyong tinitirhan.
2. Bakit mahalaga ang pagganap sa mga papel na panlipunan at pampolitikal ng pamilya?
3. Batay sa resulta ng sarbey, ano-ano ang kakulangan ng iyong pamilya sa pagsagawa sa gampaning panlipunan at pampolitikal?



Suriin

Napatunayan natin sa modyul 15 ang pananagutan ng pamilya sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan sa pamamagitan ng pagtulong sa kapitbahay sa pamayanan at pagbabantay sa mga batas panlipunan. May mga salik na nakaaapekto sa gawi at kilos ng tao hinggil sa isyung panlipunan at pampolitikal. Sa araling ito, pag-aaralan natin ang mga gawaing angkop sa lipunan at politikal na aspeto ng pamilya.


Kung babalikan ang bahaging **Tuklasin** ay natataya mo ang sariling pamilya kung naisasagawa ba o hindi ang mga gampaning panlipunan at pampolitikal. Kung 7 hanggang 10 puntos iyong nakuha sa hanay na naisagawa ay pagsikapang maipagpapatuloy pa ang pagganap sa mga papel na panlipunan at pampolitikal samantala, kung 1 hanggang 6 na puntos naman ay hikayatin ang pamilya na lalo pang magsumikap sa pagganap sa mga papel bilang mamamayan tulad nalang ng mga sitwasyon sa sarbey na hindi naisagawa ng pamilya. Tulungan ang bawat miyembro na makasusunod at magagampanan ang tungkuling panlipunan at pampolitikal. Alalahanin na bawat indibidwal ay may pagkakataong maitama ang kakulangan upang mas mapaayon ang pamumuhay sa lipunan.

Pinag-aralan natin ang mga tungkuling panlipunan at pampolitikal ng isang pamilya sa pamamagitan ng pagtupad sa papel sa lipunan (pagiging bukas-palad, pagsusulong ng bayanihan, at pangangalaga sa kaniyang kapaligiran) at papel pampolitikal – (ang pagbabantay sa mga batas at mga institusyong panlipunan).

Ayon pa kay Esteban (1989), ang isang pamilya ay isang munting lipunan. Sa loob ng bahay ay mayroong tagalikha ng batas na pamantayan at mayroon ding tagasunod ng naturang batas. Halimbawa na lang sa magkakapatid, bawat isa ay mayroong nakatakdang gawaing bahay na kung hindi nagawa ay maaaring mapagalitan o maparusahan. Bukod sa pagiging ama, ina, o anak, may iba ring tungkulin sa lipunan gaya ng pagiging responsableng mamayan, makatao, makakalisan at maka-Diyos na may mahalagang kontribusyon sa kapuwa at kaunlaran sa lipunan.



Nangangahulugang matagumpay na nagampanan ng pamilya ang kanyang responsibilidad tulad ng pagpapakita ng malasakit at pagmamahal sa ibang tao sa komunidad upang makalikha ng isang responsable at mapagmahal na pamayanan.

Gaya ng ibang bagay, kailangang matutunan ng tao ang pakikipagkapuwa. Maipakikita ang isang ugaling kanais-nais kung ito'y natutuhan sa loob ng iyong pamilya at pamayanan. Kung kaya, nararapat lamang na akuin ng pamilya ang paghubog sa isipan ng bawat kasapi na amging mapagmahal at responsableng mamamayan. Maliban sa paghubog ng pamilya, bawat indibidwal ay may kaniya-kaniyang paraan na maisagawa ang gampaning panlipunan at pampolitikal upang panatilihin at paunlarin ang lipunang kaniyang ginagalawan.



Pagyamanin

Gawain 3: Gawain Mo, Pusuan Mo!


Panuto: Lagyan ng  kung ang sitwasyon ay angkop na gawaing panlipunan at pampolitikal ng isang pamilya sa panahong ideneklara ang pagpapatupad ng *Enhanced Community Quarantine (ECQ)* sa bansang Pilipinas dahil sa *COVID-19 Pandemic* at  kung hindi. Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pahayag	Tugon
1. Hindi paglabas ng bahay sa oras ng <i>curfew</i> .	
2. Pagdaraos ng kaarawan kasama ang mga kasapi ng pamilya.	
3. Ipagbigay-alam sa awtoridad ang mga taong may travel history sa mga lugar na may kaso ng COVID-19.	
4. Pagsunod sa mga <i>protocol</i> ng ating pamahalaan	
5. Pagbigay ng tulong pinansyal o materyal sa kapitbahay o nangangailangan.	
6. Pag-iiwas ng pagpapakalat ng mga maling balita sa social media.	
7. Pagdarasal ng isang pamilya para sa kaligtasan ng mga frontliners at sa mga taong nagkasakit.	
8. Pakikinig sa radyo sa mga sariwang balita hingil sa mga nangyari sa bansa.	
9. Makinabang sa libreng gamot mula sa pamahalaan laban sa COVID 19.	
10. Pagsusuot ng face mask at face shield kung sakali may importanteng puntahan sa labas ng bahay.	
11. Pagsunod sa batas trapiko lalong lalo na kung tatawid ng daan	
12. Pagsunod sa <i>physical social distancing</i> .	
13. Pagdala ng <i>Quarantine Pass</i> kapag lalabas ng bahay para bumili ng pangangailangan.	
14. Paggalang sa mga <i>frontliners</i> na nagbabantay sa mga checkpoint.	
15. Pagpopost ng mga impormasyon sa social media tungkol sa pagsunod ng health protocols.	

Kung nakakuha ka ng 15 puntos, sigurado kang protektado ang iyong pamilya sa banta ng *COVID 19*. Kung ang iyong mga napusuang mga gawain ay hindi nakaabot sa 15 puntos, pagsikapang maisagawa ang lahat ng nabanggit sa pang-araw-araw na gawain para mabigyan ng proteksyon ang iyong sariling pamilya at maisakatuparan ang iyong pananagutang panlipunan at pampolitikal.

Gawain 4: Suri-Larawan!

Suriin ang mga larawan. Ilahad at ipaliwanag kung ano ang iyong magagawa sa sitwasyong ipinapakita sa larawan ukol sa papel na panlipunan at pampolitikal. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Iginuhit ni: Jubell Cababat

RUBRIKS SA PAGSUSURI NG LARAWAN

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (6 puntos)
Paglalahad at nakapagpapaliwanag sa magagawang kilos sa ipinakitang larawan ukol sa papel panlipunan at pampolitikal.	Nakapaglalahad at nakapagpapaliwanag ng angkop na kilos na maaaring maisagawa sa ipinakitang larawan bilang pagganap sa papel panlipunan at pampolitikal.	Nakapaglalahad ng angkop na kilos na maaaring maisagawa sa ipinakitang larawan bilang pagganap sa papel panlipunan at pampolitikal bagaman hindi masyadong naipapaliwanag.	Nakapaglalahad at nakapagpapaliwanag ng hindi angkop na kilos na maaaring maisagawa sa ipinakitang larawan bilang pagganap sa papel panlipunan at pampolitikal.

Gawain 5: Sitwasyon Ko, Magagawa Mo!

Basahin at unawain ang sitwasyon sa kahon na nagpapakita ng isang gawaing angkop sa lipunan at pampolitikal na papel ng pamilya. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Nakababahala na ang pagdami ng nagkakalagnat sa barangay kung saan naninirahan ang pamilya nina Jay. Ang lalong nakatatakot ay may tatlo nang namatay sa mga ito. Napag-alamang dengue ang dahilan. Para sa kanya malinis naman ang kanilang barangay dahil nasunod naman ang paalala ng *Rural Health Unit (RHU)* na *search and destroy, self-protection measures, seek early consultation at say no to indiscriminate fogging* o (4S) ngunit may isang bakanteng lote na may mga basurang nakatiwangwang gaya ng bote na may lamang tubig ang kanyang natuklasan. Tumungo agad si Jay sa Barangay Hall para ibalita ang kanyang nakita. Agad namang tumugon ang mga kabarangay sa paglilinis na pinangunahan ng punong-barangay kaya napanatag na ang loob ni Jay.

1. Ano ang masasabi mo sa agarang aksiyon na ginawa ng kabarangay ni Jay na pinangungunahan ng punong-barangay?
2. Kung ikaw si Jay, ano ang maaari mong gawin para makatulong sa iyong komunidad para maiwasan ang pagkakasakit ng dengue? Pangatwiranan.
3. Bakit mahalagang makiisa sa panawagan ng Rural Health Unit na magsagawa ng 4S? Pangatwiranan.

RUBRIKS SA PAGSAGOT NG MGA TANONG

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (10 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Nilalaman ng Sagot	Nabigyan ng angkop na sagot ang lahat ng tanong at malinaw na napangatwiranan.	Nabigyan ng angkop na sagot ang lahat ng tanong bagaman hindi gaanong malinaw ang pangangatwiran.	Hindi napupunan ng angkop na sagot ang lahat ng tanong. Hindi malinaw ang pangangatwiran.



Isaisip

Gawain 6: Dyornal !

Ibigay ang sariling repleksiyon sa mensaheng nakapaloob sa kasabihan ni John F. Kennedy. Gawing batayan ang pamantayan sa pagmamarka. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

“Huwag mong isipin kung ano ang nagagawa ng pamahalaan para sa iyo. Bagkus, isipin mo kung ano ang magagawa mo para sa pamahalaang kinabibilangan mo.”

RUBRIKS SA PAGSULAT NG DYORNAL

Pamantayan	Higit na inaasahan 10 puntos	Nakamit ang inaasahan 8 puntos	Bahagyang nakamit ang inaasahan 6 puntos	Hindi nakamit ang inaasahan 4 puntos
Nilalaman	Komprehensibo ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon	Kumpleto ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon	May ilang kakulangan sa nilalaman ng teksto. May ilang maling impormasyon	Maraming kakulangan sa nilalaman ng teksto.
Organisasyon ng mga kaisipan	Organisado at may malinaw na kaisahan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Malinaw at maayos ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Hindi masyadong maayos at malinaw ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Hindi maayos ang pagkalahad ng kaisipan sa teksto.
Kabuuang Puntos 20				



Isagawa

Gawain 7: Isang Linggong Talaarawan

Punan ng sagot ang grapikong isang linggong talaarawan at sundin ang halimbawa kung paano ito sagutan. Sundin ang *health protocols* sa pagganap ng mga papel sa lipunan para palaging ligtas laban sa nakamamatay na COVID-19. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Isang Linggong Talaarawan			
Petsa, Oras / Araw	Naisagawang gawaing panlipunan/ pampolitikal sa kapwa tao	Sino / kaninong pamilya naisagawa ang angkop na kilos?	Bakit isinagawa ang kilos?
Hal. Mayo 1, 2020 Lunes/3:00pm	Binigyan ng pagkain ang matanda	Pulubi	Nakakaawa at kailangan niya ng tulong

RUBRIKS SA PAGGAWA NG TALAARAWAN

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (6 puntos)
Nilalaman ng Talaarawan	Napupunan ng angkop na sagot ang lahat ng hanay sa talaarawan. Malinaw na napangatwiran ang ikaapat na hanay.	Napupunan ng angkop na sagot ang lahat ng hanay sa talaarawan bagaman hindi gaanong malinaw na napangatwiran ang ikaapat na hanay.	Hindi napupunan ng angkop na sagot ang lahat ng hanay sa talaarawan.



Tayahin

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Laganap ang pagtotroso sa inyong pook. Bilang mag-aaral, ano ang nararapat mong gawin??
 - A. ipaalam sa kaukulang ahensiya
 - B. magtanim ng panibagong mga puno
 - C. gumawa ng programang pangkalikasan
 - D. kausapin ang mga nagtotroso hinggil sa kanilang ginawa
2. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng pagiging bukas-palad?
 - A. pagpahayag si Irman ng kanyang sariling saloobin
 - B. pamilyang namimigay ng pera sa panahon ng eleksiyon
 - C. batang nagtitinda ng mga bulaklak sa gilid ng simbahan
 - D. ginang na nagpapakain ng mga batang hindi niya kaano-ano
3. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng gawaing pampolitikal?
 - A. paglilinis sa sariling tahanan
 - B. pag-akay sa matandang tumatawid
 - C. pagsumbong sa krimeng nasaksihan
 - D. tulong-tulong na paghahanda ng pagkain para sa kaarawan ni Aiza
4. Bakit kailangang maranasan ng tao ang magmahal at mahalina?
 - A. upang maging ganap ang pagkatao
 - B. upang maging ganap ang pagkalalaki
 - C. upang maging ganap ang pagkababae
 - D. upang ganap na maranasan ang pag-ibig
5. Ibinilin ng ina mo na bantayan ang bunsong kapatid, ngunit nalibang ka sa panonood ng telebisyon kaya hindi mo napansin na nalaglag ito sa higaan. Ano ang nararapat mong gawin?
 - A. magtampo sa kapatid dahil napagalitan ka
 - B. ilihim sa ina ang nangyari upang hindi ka mapagalitan
 - C. ipagbigay-alam sa ina ang nangyari at humingi ng tawad
 - D. ipaghehele ang iyong kapatid upang tumigil na sa kaiiyak

6. Ano ang kailangang matutunan ng tao para sa mabisang pakikipag-ugnayan sa lipunan?
 - A. pagkikipag-usap
 - B. pag-aaruga ng tao
 - C. pagmamahal sa tao
 - D. pakikipagkapwa tao

7. Ano ang pinakamaliit na yunit ng lipunan na unang nagturo sa kahalagahan sa pagganap ng mga responsibilidad ng isang mabuting mamamayan.
 - A. barangay
 - B. lungsod
 - C. organisasyon
 - D. pamilya


8. Alin sa mga tungkulin ang kailangang gampanan ng isang pamilya bilang bahagi ng lipunan?
 - A. tungkuling bigyan ng kasiyahan ang bawat kasapi ng lipunan
 - B. tungkuling makiisa sa mga rally na isinasagawa laban sa gobyerno
 - C. tungkuling magbigay ng sampung porsyento (10%) sa kaniyang kinikita
 - D. tungkuling panatilihin at paunlarin ang lipunang kaniyang ginagalawan

9. Sa palagay mo, ano ang kailangang maranasan ng tao upang magkaroon ng isang pamilya?
 - A. magmahal, mahalín at iiwan
 - B. magmahal, mahalín at alagaan
 - C. magmahal, mahalín at pakasalan
 - D. magmahal, mahalín at pasasayahin

10. Paano mo matulungan na uunlad ang buhay ng isang pamilya?
 - A. magtatrabaho sa lahat ng oras
 - B. magsikap para makamit ang mga pangarap
 - C. makipag-ugnayan sa gobyerno at humingi ng tulong
 - D. makipag-ugnayan sa ibang pamilya at ibang sektor ng lipunan

11. Napagtapos ni Lea ang kaniyang sarili sa pag-aaral sa tulong ng scholarship program ng kanilang barangay at isa na siyang ganap na doktor. Anong papel ang dapat gampanan ni Lea sa lipunan?
 - A. tulungan ang mga kaibigan
 - B. tulungan ang mga kabarangay
 - C. tumulong lamang ang mga may kaya
 - D. ibalik ang tulong na nakuha niya sa pamamagitan ng kawang-gawa

12. May kaalaman ka hingil sa wastong paggamit ng gadget para maka *post* ng mga mahahalagang impormasyon. Nalalaman mo mula sa iyong mga magulang na mayroong Oplan Paglilinis sa inyong lugar. Paano kayo makatulong na bawal pa kayong lalabas sa bahay?
- A. ipopost ko ang impormasyon sa FB
 - B. maglinis ako sa paligid ng aming tahanan.
 - C. Ipopost ko sa FB ang plano ng barangay at tutulong ako sa paglilinis sa paligid ng aming bahay.
 - D. Ilalahad ko ang plano sa aking mga magulang at makikinig ako sa mga payo nila para magkasundo kami.
13. Napansin mong marumi ang inyong bakuran at nalalapit na ang Barangay Clean and Green Program Evaluation. Ano ang nararapat mong gawin?
- A. ipagkibit balikat mo na lamang ito
 - B. agad mo itong aasikasuhin nang bukal sa kalooban
 - C. tawagin ang nakababatang kapatid at utusan na linisin ito
 - D. hikayatin ang ibang kasapi ng pamilya na maglinis ng bakuran
14. Pinili ka ng iyong pangkat na maging *team leader* nila sa inyong *performance output* tungkol pangkalikasan sapagkat nakikitaan ka ng pagmamahal sa kalikasan at may kakayahang manghikayat. Ano ang nararapat mong gawin?
- A. Kusang loob kong tatanggapin ang pagkakataon na ibinigay sa akin.
 - B. Pag-isipan ko muna nang mabuti bago tatanggapin ang alok aking mga kaklase.
 - C. Hihingi muna ako ng pahintulot at payo sa aking mga magulang bago ako papayag.
 - D. Kakausapin ko ang aking matalik na kaibigan sa pamamagitan ng group chat kung tutulungan ba nila ako.
15. May batang kumatok sa inyong tahanan dahil maghihingi ng pagkain at napansin mo ito na walang bihis. Ano ang mabuti mong gawin?
- A. Alamin ko muna kong taga saan ang bata.
 - B. Ipaalam ko sa aking mga magulang na bigyan ko ang bata ng pagkain bago siya paalisin.
 - C. Sasabihan ko ang aking mga magulang na may bata na naghihingi ng pagkain sa labas.
 - D. Papayuhan ko ang bata na uuwi sa kanilang bahay dahil alam kong bawal lumabas ang mga batang kasing edad niya.



Karagdagang Gawain

Gawain 8: Iguhit Mo!

Gumawa ng poster at islogan na nagpapakita ng papel na panlipunan at pampolitikal ng iyong pamilya.

Mga kagamitan:

Long size bond paper

Lapis


Pentel pen

Krayola/pastel


Ruler

RUBRIKS SA PAGGAWA NG POSTER AT ISLOGAN

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Kaangkupan ng nilalaman sa Tema	Napakahusay at Angkop sa tema ang desinyo at islogan	Mahusay ngunit hindi masyadong angkop sa tema ang desinyo at islogan	Hindi angkop sa tema ang desinyo at islogan
Pagkamalikhain at orihinalidad sa pagguhit at islogan	Napakamalikhain at 100 % orihinal ang iginuhit at islogan	Malikhain at 75% na orihinal ang iginuhit at islogan	Hindi malikhain at 50% na orihinal ang iginuhit at islogan
Malinaw na naipahayag ang mensahe sa iginuhit	Napakalinaw ang pagkalalahad ng mensahe sa iginuhit	Malinaw ang pagkalahad ng mensahe sa iginuhit	Hindi malinaw ang pagkalahad ng mensahe sa iginuhit
Kabuoan 30 puntos			



Susi sa Pagwawasto

<p>1. D 2. D 3. D 4. B 5. B 6. D 7. A 8. B 9. A 10. B 11. A 12. D 13. C 14. A 15. C</p>	<p>Balikan</p> <p>Gawain 1 1. Pagtulong sa Kapitbahay 2. pagsunod sa batas trapiko 3. paghingi sa bakuran trapiko 4. pagsunod sa batas trapiko 5. pagsunod sa mga batas na ipinapatupad ng pamahalaan</p>
<p>Pagyanarin Gawain 3</p> <p>1. puso 2. 3. puso 4. 5. puso 6. 7. puso 8. 9. 10. 11. puso 12. puso 13. puso 14. puso 15.</p> 	<p>1. A 2. D 3. C 4. A 5. C 6. D 7. D 8. D 9. C 10. B 11. D 12. C 13. B 14. A 15. B</p>

Sanggunian

Aklat

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral*. 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

Hanguang Elektroniko

Peligrino, Ani. *academia.edu*.

http://www.academia.edu/34167705/Modyul_4_ANG_PAPEL_NA_PANLIPUNAN_A_T (accessed May 25, 2020).

officialgazette.gov.ph. Januray 26, 2001.

<https://www.officialgazette.gov.ph/2001/01/26/republic-act-no-9003-s-2001/> (accessed May 29, 2020).

covid19.gov.ph. March 30, 2020. <http://www.covid19.gov.ph/wp-content/uploads/2020/03/Resolution-No.-16-Additional-Guidelines-for-ECQ.pdf> (accessed May 29, 2020).

jfklibrary.org. https://www.jfklibrary.org/sites/default/files/2018-06/Ask_not_what_your_country_can_do_for_you.pdf (accessed May 29, 2020).

Arora, Paavani. *voicesofyouth.org*. April 9, 2020.

<https://www.voicesofyouth.org/blog/covid-19-and-racism-united-we-stand-divided-we-fall> (accessed May 30, 2020).

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph